REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-312**

**KAPASIYAHAN NA NAGKAKALOOB NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPASOK SA KASUNDUAN NG PAGBILI NG DALAWANG PARSELA NG LUPA NA MATATAGPUAN SA BARANGAY TUNASAN, SA MAG-ASAWANG RAMON YATCO AT YOLANDA YATCO SA HALAGANG ISANG MILYONG PISO (P1M).**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina: **KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Kagawaran ng Pangkalusugan (Department of Health) sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, ay naglaan ng halagang P1,050,000.00 upang gamitin sa pagpapatayo ng Health Center sa Barangay Tunasan sa kondisyon na ang Pamahalaang Lungsod ay maglalaan ng lote na pagtatayuan nito;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay nakatagpo ng isang istratehikong lugar o lote na maaaring pagtayuan di lamang ng nasabing Health Center kundi angkop din upang paglagyan ng Himpilan ng Pamatay Sunog, Pampublikong Aklatan at iba pang Lingkurang Panlipunan;

**SAPAGKAT,** ang nabanggit na lote na may kabuuang sukat na 2,410 metro kuwadrado ay nakarehistro sa mag-asawang Ramon Yatco at Yolanda Yatco sa ilalim ng Titulo Blg. S- 108028;

**SAPAGKAT,** sa pakikipagtulungan ng mag-asawang Yatco sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang nasabing lote ay hinati sa tatlong parte, ang una ay may sukat na 184 metro kuwadrado (Lot-8-A-2-D-1), ang pangalawa ay may sukat na 380 metro kuwadrado (Lot-8-A-2-D-2), at ang pangatlo ay may sukat na 1,846 metro kuwadrado (Lot-8-A-2-D-3);

**SAPAGKAT,** sa pakikipagkasundo ng mag-asawang Yatco sa Pamahalaang Lungsod, ang una ay pumayag na ipagkaloob sa huli, sa pamamagitan ng Donasyon ang bahagi ng kanilang pag-aari (Lot-8-A-2-D-3) na may sukat na 1,846 metro kuwadrado upang gamiting kalsada ng Pamahalaang Lungsod at ang nalalabi na may kabuuang sukat na 564 metro kuwadrado (Lot-8-A-2-D-1 at Lot-8-A-2-D-2) ay ipinagkasundo na ipagbili sa halagang Isang Milyong Piso (P1M);

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay pumayag sa kondisyon ng mag-asawang Yatco na tanggapin ang nasabing donasyon, at bayaran ang halaga na hinihingi sa bentahan para sa dalawang parsela ng hinating lote;

**SAPAGKAT,** matapos pag-aralan ang kasunduan ng pagbili ng nasabing dalawang parsela ng lupa, napag-alaman na ang nilalaman nito ay umaayon sa mga batas na umiiral at makakabuti sa Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Sek. 455 (b)(1)(vi) ng Batas Republika Blg. 7160 at Sek. 9 (6) ng Batas Republika Blg. 7926, ang Punonglungsod ay maaaring kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa nasabing kasunduan matapos na siya ay pagkalooban ng Sangguniang Panglungsod ng kapangyarihan ukol dito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na pagkalooban ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye ng kapangyarihan upang kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kasunduan ng pagbili ng dalawang parsela ng lupa na matatagpuan sa Barangay Tunasan, sa mag-asawang Ramon Yatco at Yolanda Yatco sa halagang Isang Milyong Piso (P1M);

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 26 ng Agosto, 1996 sa ginanap ika - 52 Regular na Sesyon.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-85-25
(local 51) 842-26-04
Fax No. 842-61-96

SUMANG-AYON:

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Liban)
KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALLAN REY A. CAMILON
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.**

NECITO M. GUICO
Kalihim
SANGGUNIANG PANGLUNGSOD

PINATUTUNAYAN:

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punonglungsod/Panguloong Opisyal

PINAGTIBAY:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod

Petsa : 9/11